

# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa mga Pasilidad ng Pagkain

Para makatugon sa pagsiklab ng COVID-19 (novel coronavirus), ang Opisyal ng Kagawaran ng Kalusugan ng County ng Los Angeles ay nagpalathala ng mga kautusan na Mas Ligtas sa Tahanan na Utos noong Marso 21, 2020. Ang Utos na ito, na inilalathala ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan, ay naglalaman ng bagong Kautusan sa mga retail na pasilidad ng pagkain, kasama ang mga tindahan ng groseri at mga kainan. Inilathala ng Pamublikong Kalusugan ang gabay na ito upang tulungan ang mga retail na pasilidad ng pagkain na manatiling sumusunod sa mga Utos at Pangangailangan na ito upang mapigilan ang panganib ng pagkalantad ng mga kustomer at mga empleyado.

Ang mga sumusunod na Kautusan at Pangangailangan ay dapat sundin ng mga Pasilidad ng Pagkain

### Panlipunang Pagdistansya / Pagpipigil sa Panganib

- Magpatupad ng mga hakbang sa panlipunang pagdistansya sa pamamagitan ng pag-uutos sa mga miyembro ng publiko na lumayo ng hindi bababa sa anim (6) na talampakan mula sa ibang mga tao ang agwat, hangga't maaari. Ang mga tao na magkapamilya o mga magkakasama sa bahay, ay maaaring tumayo o maglakad nang magkasama, ngunit dapat na lumayo sa ibang mga tao sa layo at agwat na hindi bababa sa anim (6) na talampakan.
- Magbigay ng pamublikong akses sa mga pasilidad ng paghuhugas ng kamay na may sabon at tubig o sa sanitiser sa kamay na naglalaman ng hindi bababa sa 60 porsyento na alkohol.
- [Magpaskil ng isang palatandaan](#) sa isang lugar na madaling makita sa lahat ng mga pamublikong pasukan na nagtuturo sa mga miyembro ng publiko na huwag pumasok kung nakararanas sila ng mga sintomas ng sakit sa palahingahan, kabilang ang lagnat o ubo.
- Sumunod sa mga rekomendasyon sa pagpipigil ng nakahahawang sakit na ibinigay ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Los Angeles County, kabilang ang gabay para sa paglilinis at pagdidisimpekta sa lugar. Tingnan ang pinaskil na gabay sa [www.publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/](http://www.publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/).

### Tanghalian-sa Loob na mga Pasilidad ng Pagkain

- Lahat ng mga kainan at mga retail ng pasilidad ng pagkain ay hindi pinapayagang maghain ng pagkain para sa kainan kahit na sa loob o sa labas. Walang serbisyo sa mesa ang pinahihintulutan.
- Ang mga kainan at mga retail na pasilidad ng pagkain ay maaaring magpatuloy sa kanilang operasyon para sa mga layunin ng paghahanda at pag-aalok ng pagkain sa mga kustomer sa pamamagitan ng paghahatid na serbisyo, para pik-apin o para sa drive-thru.
- Ang mga lasingan na walang pasilidad ng pagkain ay hindi pinahihintulutan na magbukas.
- Ang mga lasingan o mga pagawaan ng alak na may pahintulot para sa pasilidad ng pagkain ay maaaring manatiling bukas para sa mga layunin ng pagpapatuloy na maghanda at mag-alok ng pagkain sa mga kustomer sa pamamagitan ng paghahatid na serbisyo o para pik-apin. Ang mga pagawaan ng alak at mga serbesehan ay hindi maaaring mag-alok ng mga pagpapatikim sa publiko ngunit maaaring magpatuloy sa hindi-pamublikong pakyawan at produksyon na mga operasyon.
- Para sa mga pasilidad ng pagkain na nag-aalok ng mga pagpipilian sa pag-pik-ap ng pagkain o paghahatid ng pagkain, ang mga nagpapatakbo ng pasilidad ng pagkain ay inatasan na magtatag ng mga kasanayan sa panlipunang pagdistansya para sa mga suki na nakapila kapag nag-oorder o sa panahon ng pag-pik-ap.



# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa mga Pasilidad ng Pagkain

- Ang mga kainan na nag-aalok ng mga produktong groseri (hal., mga hilaw na sangkap, mga produkto, atbp.) para sa tinging pagbebenta ay maaari lamang na isama ang mga ito sa kanilang menu para sa paghahatid o pagkuha pauwi. Sila ay hindi pinahihintulutan magtayo ng isang tindahan ng groseri sa kanilang silid kainan para sa sariling-pagpili ng kustomer dahil ito’y makasisira sa layunin ng pagsasara ng mga silid kainan sa mga kustomer at lumalabag sa kanilang permiso at pahintulot.
  - Hindi ipatutupad ng Pamublikong Kalusugan ang paglalagay ng tatak sa mga binalot na mga produkto na binalot para sa layunin ng kaghinaan, sa kondisyon na sila ay makakapagbigay ng listahan ng mga sangkap kung hihilingin ng mga kustomer.
  - Ang mga kainan ay mahigpit na pinagbabawalan mula sa pakikibahagi sa mataas-na-panganib na pagbalot:
    - Bawas-na-oksigeno na pagbalot na hindi inaprubahan ng CDPH.
    - Mga bote ng sanitiser na solusyon na binibenta na walang anumang kinakailangang EPA na tatak.
  - Kung ang isang kainan ay ginamit ang bahagi ng kanilang silid kainan bilang pangalawang taguan ng mga bagay na hindi-pagkain, dapat nilang ipagbawal ang sariling-pagpili ng kustomer sa mga bagay na ito. Ang mga produktong ito ay ibibigay bilang bahagi ng paghahatid o pagkuha pauwi na pagbili.

***Ang mga kapitirya, mga komisaryo, at mga kainan na matatagpuan sa loob ng mga ospital, mga pangangalagang tahanan, o mga katulad na pasilidad ay hindi kasali sa pagbabawal ng nasa loob na lugar na pagkonsumo; ngunit, lubos na inirerekumenda ng Pamublikong Kalusugan na tiyakin ng mga pasilidad na ito na ang mga kumakain ay nagsasanay ng naaangkop na panlipunang pagdistansya na mga kinakailangan (6 na talampakan mula sa ibang mga kustomer) ang agwat habang naroon sila.***

### Mga Tindahan ng Groseri at mga Maginhawang tindahan

- Tiyakin na may paraan para madisimpekta ang mga pamilihing kareton at mga hawakan ng mga basket - sa pamamagitan ng pagbibigay ng madaling pag-akses ng mga kustomer sa mga pamunas o sa pamamagitan ng pagpapangasiwa ng mga empleyado sa proseso at pagdisimpekta sa pagitan ng paggamit ng bawat kustomer.
- Subaybayan ang kapasidad sa kustomer para matiyak ang panlipunang pagdistansya o agwat ng kustomer. Mahalaga ito lalo na sa mga linya ng paghihintay tulad sa mga tsek-out na kounter. Sa mga lugar na may mataas-na-dami ng trapiko, gamitin ang mga kasangkapan sa pagdidistansya para sa mga pagsusuri at mga linya. Maglagay ng tapal na palatandaan sa sahig para mapanatili ang sapat na distansya ng mga kustomer.
- Ang mga tindahan ng groseri na may mga lugar ng pagkonsumo ay hindi maaaring magbigay ng anumang mga kainan na pagpipilian, sa loob man o sa labas.
- Ang mga tindahan ng groseri at mga maginhawang tindahan na nag-aalok ng sariling-pagserbisyo ng hindi-nakabalot na pagkain (hal., salad bar, soup bar, mga lalagyan ng maramihang pagkain) ay dapat itigil ang pagpapahintulot sa kustomer ng sariling-pagserbisyo.
- Ipagbawal ang pagpapatikim ng produkto.

### Mga Kumikilos na Pasilidad ng Pagkain (hal., mga Trak ng Pagkain, mga Pagkain Kareton)

- Ang mga kumikilos na pasilidad ng pagkain na may tamang pangkalusugang pahintulot (health permit) lamang ay pinapayagang mag-alok ng pagkain para sa ibang lugar na pagkonsumo o sa pagkain pakuha



# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa mga Pasilidad ng Pagkain

pauwi.

- Subaybayan ang kapasidad sa kustomer para matiyak ang panlipunang pagdistansya ng kustomer. Mahalaga ito lalo na sa mga linya ng paghihintay tulad ng mga linya sa kounter ng pag-oorder.

### Pagsasaalang-alang sa Serbisyo sa Kustomer

- Irekumenda ang pagtatalaga ng isang empleyado na magtitiyak na matutugunan ang panlipunang pagdistansya na mga kinakailangan sa anumang mga linya na mabubuo sa loob o labas ng tindahan. Sa mga lugar na may mataas-na-dami ng trapiko, gamitin ang mga kasangkapan sa pagdidistansya para sa mga pagsusuri at mga linya. Maglagay ng tapal na palatandaan sa sahig para mapanatili ang sapat na distansya at agwat sa mga kustomer.
- Magrekumenda na bigyan ang mga kustomer ng karagdagang mga napkin o tisyu na gagamitin kapag sila ay umubo o bumahin.
- Tiyakin na ang mga banyo ay ganap na may lamang sabon, solong-gamit na mga tuwalya / mga pampatuyo ng kamay at di-hinahawakan na mga basurahan.
- Inirerekumenda ang pagbibigay ng sanitiser ng kamay na nakabatay sa alkohol na hindi bababa sa 60% na alkohol para magamit ng mga kustomer sa mga karaniwang lugar, tulad ng pagpasok sa pasilidad.
- Isaalang-alang ang pag-aalok ng libreng paghahatid para sa mataas-na-panganib na mga kustomer para hindi na sila pumunta sa mga tindahan ng groseri.
- Irekumenda na limitahan ang mga pag-uusap sa kounter ng pag-oorder at sa mga linya ng pagbabayad sa pagitan at agwat ng mga empleyado na naghahanda sa pagkain at sa mga kustomer.

### Mga Empleyado ng Pasilidad ng Pagkain

- Suriin araw araw ang mga empleyado kung mayroon silang sakit (sariling pagsusuri o pagsusuri ng taga-empleyo) at tiyakin na ang mga empleyado ay manatiling nasa bahay kung sila ay may sakit.
- Ang mga empleyado na may lagnat o sakit sa palahingahan ay pinapayuhang manatili sa bahay at huwag bumalik sa trabaho hanggang sa hindi bababa sa 3 araw (72 oras) pagkatapos na gumaling, na nangangahulugan na ang lagnat ay gumaling na hindi umiinom ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat at nagkaroon ng pagbuti sa mga sintomas ng palahingahan (hal., ubo, pangangapos ng hininga) **AT** hindi bababa sa 7 araw ang lumipas mula nang unang lumitaw ang mga sintomas.
- Ang mga empleyado na tila may sakit pagdating nila sa trabaho o nagkasakit sa araw ng trabaho ay dapat na pauwiin agad.
- Irekumenda ang pagskedyul sa mga empleyado sa parehong oras ng pagpasok at hindi pagpalit-palitin ang oras ng trabaho ng mga empleyado sa pagitan ng oras ng pagpasok para mabawasan ang pagkalat kung sakaling may isang empleyado ang nahawaan ng COVID-19.
- Isaalang-alang ang pansamantalang pagtatalaga sa mga empleyado na may mataas na panganib sa malubhang sakit dahil sa COVID-19 sa mga tungkulin na naglilimita sa kanilang pagkalantad sa publiko. Ang mataas na panganib ay tumutukoy sa mga mas nakatatanda, mga nagdadalang-tao, at mga may nakompromisong sistema ng imyunidad o napapailalim na medikal na mga problema.
- Turuan ang nagsisilbi na mga kawani at mga kawani sa kounter, na hangga't maaari, ay magpanatili ng 6 na talampakang distansya at agwat sa pagitan ng kanilang mga sarili at ng mga kustomer.



# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa mga Pasilidad ng Pagkain

### Mga Pangangailangan ng Nakumpirmang may COVID-19

Sa pag-abiso na ang isang empleyado na nagsisilbi ng pagkain ay nasuri na positibo sa COVID-19 o hinihinalang positibo batay sa mga sintomas na kaugnay sa COVID-19, ang nagpapatakbo ng pasilidad ng pagkain ay kinakailangan na gawin ang mga sumusunod na gawain at batas:

1. Tiyakin na ang apektadong empleyado ay hindi isasama mula sa pasilidad ng pagkain at sumunod sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pagkontrol ng COVID-19:  
[http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/HOO\\_Coronavirus\\_BlanketIsolation\\_03.25.20.pdf](http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/HOO_Coronavirus_BlanketIsolation_03.25.20.pdf)  
⇒ Ang karagdagang gabay para sa mga nakumpirmang may COVID-19 ay maaaring makita sa <http://publichealth.lacounty.gov/acd/docs/HomeisolationenCoV.pdf>
2. Tukuyin ang lahat ng potensyal na mga "malapit na nakasalamuha at utusan na sila ay sumunod sa utos ng Pangkalusugan Opisyal (HOO=Health Officer Order) na Kuwarentenas na mga utos: Kasama sa malapit na mga nakasalamuha ay ang lahat ng mga miyembro ng sambahayan, sinumang matalik na nakasalamuha, at lahat ng mga isa-isang tao na nasa loob ng 5 na talampakan ng may sakit na empleyado nang higit sa 10 minuto, simula ng 48 oras bago nagsimula ang mga sintomas ng empleyado hanggang sa matapos ang kanilang panahon ng paghihiwalay. Bilang karagdagan, ang sinumang nagkaroon ng pakikisalamuha sa mga likido, patak at talsik ng katawan ng empleyado at/o mga sekresyon (tulad ng naubuhan/nabahingan, naibahagi na kutsara at tinidor o laway ay dapat na ikuwarentenas.  
[http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/HOO\\_Coronavirus\\_Blanket\\_Quarantine\\_03.25.20.pdf](http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/HOO_Coronavirus_Blanket_Quarantine_03.25.20.pdf)  
⇒ Ang karagdagang gabay para sa mga malapit na nakasalamuha ay maaaring makita sa <http://publichealth.lacounty.gov/acd/docs/COVHomeQuarantine.pdf>
3. Linisin at disimpektahin ang pasilidad batay sa gabay ng CDC sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/cleaning-disinfection.html>  
⇒ Ang mga umiiral na kinakailangan para sa paglilinis at pagdidisimpekta ay mabisa para sa mga nalalagyan-ng-pagkain na mga ibabaw.
4. Ang mga tingian na pasilidad ng pagkain ay hindi dapat na mangailangan ng mga sulat ng doktor para sa mga taong natukoy bilang mga malapit na nakasalamuha ng isang empleyado na natukoy bilang isang kaso ng COVID-19, dahil ang nalantad na taong iyon ay kinakailangan na mag-kuwarentenas sa sarili ng 14 na araw mula sa petsa ng huling pagkakalantad na sumusunod sa Utos na ito.

Ang Sangay ng Pangkapaligirang Kalusugan ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ay makikipagtulungan sa mga nagpapatakbo ng pasilidad ng pagkain para magbigay ng gabay at matiyak na ang lahat ng kinakailangang mga Gawain pinaguutos ay nakumpleto.

### Mga Tagubilin sa Paghuhugas ng Kamay para sa Lahat ng mga Empleyado

- Tiyakin na ang mga empleyado ay naghuhugas ng mga kamay at mga braso gamit ang sabon at maligamgam na tubig na hindi bababa sa 20 segundo sa pagdating agad sa trabaho, pagkatapos na gamitin ang banyo, bago at pagkatapos na kumain, madalas sa buong araw at tulad ng tinukoy sa [California Retail Food Code \(CRFC\)](#), Seksyon 113953.3. Iwasan ang paghawak sa iyong mga mata, ilong, o bibig.
- Inirerekomenda ang pagtatalaga ng isang empleyado sa bawat pagpasok sa trabaho na tiyakin na ang mga lababo sa paghuhugas ng mga kamay ay ganap na may lamang mga sabon at papel na tuwalya sa lahat ng



# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa mga Pasilidad ng Pagkain

oras.

- Inirerekumenda ang naaangkop na paggamit ng mga guwantes bilang isang karagdagang kasangkapan, ngunit mahalagang tandaan na ang mga guwantes ay hindi pinapalitan ang pangangailangan na hugasan ang mga kamay at magsanay ng mahusay na kalinisan ng kamay.

### Sumunod sa mga Pangunahing Kasanayan sa Ikaliligtas ng Pagkain

- Panatilihin mainit ang mainit na pagkain (135 °F o mas mainit) at malamig ang malamig na pagkain (41 °F o mas malamig).
- Lutuin nang maigi ang mga pagkain tulad ng kinakailangan ng CRFC.
- Linisin at disimpektahin nang madalas ang mga kasangkapan sa pagkain at kagamitan na tinukoy sa CRFC.
- Sumunod sa mga kasanayan sa kalusugan at kalinisan para sa empleyado - huwag magtrabaho kapag may sakit at hugasan ang mga kamay nang madalas at kapag kinakailangan tulad ng nabanggit na paguutos.
- Tiyakin na ang lahat ng mga pagkain at mga sangkap ng pagkain ay mula sa isang naaprubahang mapagkukunan ng pagkain.

### Mga Espesyal na Pagsasaalang-alang

- Limitahan ang paggamit ng mga inuulit na lalagyan na dinadala ng mga kustomer para sa mga inumin o pagkain.
- Ang mga dispenser ng inumin na ginagamit upang maglagay o punuing muli ng sariling serbisyo na inumin ay dapat na linisin at disimpektahin nang madalas.
- Panatilihin nasa likod ng kounter ang mga isahang-gamit na gamit tulad ng mga baso, mga kutsara at tinidor, mga pinggan, at mga nakabalot na pampalasa at ibigay kapag hiniling.

### Pinahusay na mga Kasanayan sa Paglilinis

- Magtalaga ng mga empleyado para maglinis at magdisimpekta nang madalas sa lahat ng "madalas-hawakan" na mga ibabaw tulad ng mga kounter sa paghahain, mga mesa, mga hawakan ng pintuan ng ref, mga kaha, mga makina ng kredit kard, mga kagamitan sa banyo, mga palikuran, mga hawakan ng pintuan, mga basurahan, at mga telepono.
- Gumamit ng isang rehistrado sa Environmental Protection Agency (EPA) na produkto na naglilinis (nag-aalis ng mga mikrobyo) at nagdidisimpekta (pumapatay ng mga mikrobyo). Laging sundin ang mga tagubilin na nakatatak sa mga panlinis na produkto at mga pandisimpekta.

### Mga Epektibong Pandisimpekta

- Para makagawa ng isang bleach na solusyon, maghalo ng 4 na kutsarita ng bleach sa 1 litro (4 na baso) ng tubig. Para sa mas malaking suplay, magdagdag ng 1/3 na baso ng bleach sa 1 galong (16 na baso) tubig. Gamitin ang solusyon sa loob ng 20 minuto. Gumamit ng mga test strip upang suriin ang chlorine na solusyon (100 ppm).
- Ang iba pang aprubado ng EPA na mga pandisimpekta ay maaaring gamitin kung ang mga ito ay epektibo laban sa Coronavirus. Ang mga mamimili ay maaaring tumawag sa "1-800" na numero na nasa tatak ng produkto para sa pagkamabisa nito laban sa "COVID-19".

### Ang Tamang Paghawak ng mga Pandisimpekta, mga Bagay at Basura

- Gamitin ang mga kemikal sa isang lugar na may maayos na bentilasyon.

# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa mga Pasilidad ng Pagkain

- Iwasan ang paghahalo ng hindi katugma na mga kemikal (basahin ang nakatatak).
- Iwasan ang pagkontak ng kemikal sa pagkain habang naglilinis.
- Pangasiwaan nang maigi ang basura at itapon sa isang ligtas na lalagyan ng basura.
- Itabi ang mga kemikal sa isang aprubadong paraan.

Para sa karagdagang impormasyon sa pag-iwas sa isang nakahahawang sakit sa isang lugar ng pasilidad ng pagkain, makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Pagpapayo sa (888) 700-9995. Para sa karagdagang impormasyon sa COVID-19, bumisita sa <http://publichealth.lacounty.gov>.

